

## Paglilinis Pagkaraan ng Kalamidad

Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:

- Tubig na Pang-emergency
- Mga Supply na Pang-emergency

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang [Take5toSurvive.com](http://Take5toSurvive.com)

### Mga Karagdagang Mapagkukunan

Gabay na Aklat sa Emergency Toilet: [www.EmergencyToilet.org](http://www.EmergencyToilet.org)


Mga Septi at Onsite Wastewater System: <https://bit.ly/32SCWZK>

Paghadlang sa Sakit na Pagtatae Pagkaraan ng Kalamidad:

English - <https://bit.ly/2Y7XTB6>

Spanish - <https://bit.ly/2ZfAMkE>

Personal na Kalinisan at Paghuhugas ng mga Kamay Pagkatapos ng Kalamidad o Emergency: <https://bit.ly/2r7jtSh>



### Kumakalat ang sakit kapag hindi naitapon nang tama ang dumi ng tao.

Naisip mo na ba kung saan ka “pupunta” kapag wala kang “mapupuntahan”? Pagkaraan ng isang malakas na lindol, maaaring kailanganin nating mabuhay nang ilang linggo o buwan nang walang tubig sa mga gripo at walang gumaganang toilet. Ang pagpapalano kung saan pupunta para umihi o tumae ay maaaring makahadlang sa posibleng nakamamatay na mga sakit.

### Ang twin bucket system (isang balde sa pag-ihing at isa pang balde sa pagtae)

Sa mga lugar na matao o mga lungsod, maaaring malutas ang problema gamit ang twin bucket system dahil binabawasan nito ang peligrong magkaroon ng sakit (gaya ng kolera) at pinananatiling hiwalay ang ihi sa tae, na babawas sa dami ng dumi at amoy.

#### Balde para sa tae

- Lagyan ang balde ng makapal na garbage bag na kaya ang 13 galon.
- Gumamit ng balde na para sa TAE.
- Takpan ang balde ng pinagpunit-punit na papel, balat ng puno o katulad na materyal na carbon-based pagkatapos ng bawat paggamit na makakatulong para matuyo ang dumi at makontrol ang amoy.
- Hindi dapat lumampas sa kalahati ng balde ang dumi.
- Isilid sa isa pang bag ang dumi at iimbak nang hiwalay sa ibang basura at malayo sa pagkain at tubig.
- Ilayo ang dumi sa mga alagang hayop, langaw at daga.

#### Balde na para sa likidong dumi (ihi)

- Maglagay ng toilet paper sa balde na para sa TAE.
- Dagdagan ng hindi pang-inom na tubig ang laman nito kung maaari.
- Ibuhos sa damuhan, hardin o lupa.



#### Tatlong hakbang para manatiling malusog



Magkaroon ng malinis na tubig na maiinom.



Lagi kang maghugas ng mga kamay pagkatapos gumamit ng toilet at bago kumain.



Itabi ang TAE sa ligtas na lugar, gamit ang dinobleng garbage bag at ilayo sa pagkain at tubig.

## Mahahalagang Supply

### Para sa lahat ng pamamaraan



Toilet paper o wipes



Disposable na plastic na guwantes



Mga plastic garbage bag (para pagtapunan ng mga guwantes)



Sabon at tubig o hand sanitizer na may alkohol (60%+ concentration)

### Para sa twin bucket system



Dalawang baldeng kaya ang 5 galon



Isang upuan ng toilet (opsyonal pero komportable)



Tuyong mga materyal na yari sa karbon gaya ng dayami, mga dahon, damo, pinagpunit-punit na papel, kusot, atbp.



Makakapal na plastic garbage bag

### Para sa isang hinukay na kubeta



Pala

## Paghuukay ng Kubeta

Kung nakatira ka sa probinsya, maaaring gawing emergency toilet ang isang hinukay na kubeta (o pit toilet). Pag-aralan kung paano humukay ng kubeta, tingnan ang Rack Card #1 sa [www.EmergencyToilet.org](http://www.EmergencyToilet.org).

## Mga Septic Tank

May septic tank ka ba? Tingnan ang Rack Card #2 sa [www.EmergencyToilet.org](http://www.EmergencyToilet.org) para matukoy kung gumagana pa ito pagkatapos ng lindol.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng iyong septic tank **bago sumapit ang isang kalamidad**, makipag-ugnayan sa Washington County Environmental Health.

## Mga Tanong

### Bakit inirerekomenda ang mga pamamaraang ito?

- Mahahadlangan nito ang pagkalat ng sakit, gaya ng kolera.
- Ang prosesong ito ay ginamit nang napakaepektibo sa Christchurch, New Zealand nang ilang taon pagkaraan ng malakas na lindol noong 2011.
- Maaaring abutin nang ilang buwan o taon bago maibalik ang ating mga imburnal.

### Ano ang gagawin ko sa mga bag ng tae?

- Humanap ng isang ligtas na lugar para itago ang mga tae na nakasilid sa dalawang bag, malayo sa pagkain, mga bata at mga hayop.
- Pakinggan ang iba pang impormasyon mula sa inyong lokal na mga tagahakot ng duming itinapon.

**Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Disaster Sanitation bisitahin ang [www.emergencytoilet.org](http://www.emergencytoilet.org).**